REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 01-020**

**KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG LUGAR NA TAWIRAN NG MGA TAO (PEDESTRIAN LANE) AT ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA PARA SA LALABAG DITO.**

*************************************************************************

Ipinanukala nina:
*Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Lucio B. Constantino*
*Kgg. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kgg. Nicanor L. Echavez, MD*
*Kgg. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Melchor R. Teves*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kgg. Rufino B. Joaquin*
*Kgg. Artemio A. Simundac*

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng **Seksiyon 458 (5) (v) (vi)** ng **Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991**, ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na magpatibay ng mga ordinansa na makakatiyak sa maayos at epiktibong pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo at pasilidad, at karagdagan dito ay ang:

(v) Pagsasaayos o pamamahala sa paggamit ng mga lansangan, bangketa, tulay at iba pang mga pampublikong lugar;

(vi) Pagsasaayos o pamamahala ng trapiko sa lahat ng mga lansangan at tulay; pagbabawal sa mga nakaharang o nakakasagabal dito, at kung kinakailangan ay ipag-atas ang pagpapa-alis nito sa mga lansangan para sa kapakanan ng publiko;

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin ng **Seksiyon 458 (iii)** ng nasabing **Kodigo** na ang Lokal na Pamahalaan ay may kapangyarihang magpatibay ng mga ordinansa para sa pagpapataw ng multang hindi tataas sa Limang Libong Piso (P5,000.00) o pagkabilanggo na hindi hihigit sa isang (1) taon, o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

**SAPAGKAT,** ang ipinapatupad na **Kautusang Bayan Blg. 88-02** ay hindi na epektibo sa kasalukuyang sitwasyon ng trapiko sa Lungsod dahil lubhang napakaliit at napakababa ng mga multang ipinapataw dito at kailangang linawin ang wastong lugar na tawiran ng tao sa pampublikong lansangan;

**SAPAGKAT,** ang tahasang paglabag ng mga tao sa nasabing kautusan ay lubhang nakakaapekto sa normal na daloy ng trapiko sa Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang pagpapataw ng mas mataas na multa sa paglabag ng **"jaywalking"** ay magsisilbing aral sa mga taong hindi marunong sumunod sa batas o kautusan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

Seksiyon I. **SAKOP.** Ang Kautusang ito ay sasakop sa lahat ng taong tatawid, maglalakad, tatayo o titigil sa mga pampublikong lansangan ng Lungsod ng Muntinlupa, na labas at hindi sa itinatakdang tawiran ng tao (pedestrian lane).

Seksiyon II. **KAHULUGAN NG MGA SALITA.** Sakaling gagamitin ang mga salitang nasa ibaba, ito ay may mga sumusunod na kahulugan:

a. **JAYWALKING-** isang uri ng paglabag sa batas trapiko, sa pamamagitan ng pagtawid, paglalakad, pagtayo o pagtigil sa pampublikong lansangan na labas at hindi sa itinatakdang tawiran ng tao (pedestrian lane);

b. **PEDESTRIAN LANE-** itinakdang tawiran ng mga tao sa isang partikular na bahagi ng pampublikong lansangan, papunta o pabalik sa kanilang pupuntahan o sa kanilang destinasyon;

k. **PAMPUBLIKONG LANSANGAN-** mga lansangan ng Lungsod, katulad ng:

1. Baybayin, mula Sucat hanggang Tunasan;
2. Susana Heights sa Tunasan;
3. Alabang Viaduct;
4. Alabang-Zapote Road;
5. Montillano St. sa Alabang;
6. East Service Road;
7. West Service Road;
8. National Road, mula Sucat hanggang Tunasan;

Seksiyon III. **PAGTATAKDA NG TAWIRAN NG TAO.** Para sa maayos at epektibong pagpapatupad ng Kautusang ito, inaatasan ang Traffic Environment and Discipline (TED) na magtakda ng tawiran ng mga tao sa mga sumusunod na mga lansangan:

1. Baybayin, mula Sucat hanggang Tunasan;
2. Susana Heights sa Tunasan;
3. Alabang Viaduct;
4. Alabang-Zapote Road;
5. Montillano St. sa Alabang;
6. East Service Road;
7. West Service Road;
8. National Road, mula Sucat hanggang Tunasan; at
9. Sa tapat ng mga paaralan, simbahan, palengke at mga intersections.

Seksiyon IV. **PAGPAPATUPAD NG KAUTUSAN.** Ang Kautusang ito ay ipapatupad ng Traffic Environment and Discipline (TED) at Kuerpo ng Pulisya.

Seksiyon V. **PARUSA.** Sinumang tao na mapapatunayang lalabag sa probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

1. **UNANG PAGLABAG-** Multang Isang Daang Piso (P100.00) o isang (1) araw na pagkabilanggo o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

2. **IKALAWANG PAGLABAG-** Multang Dalawang Daang (P200.00) o dalawang (2) araw na pakabilanggo, o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

3. **IKATLONG PAGLABAG-** Multang Limang Daang Piso (P500.00) o limang (5) araw na pagkabilanggo o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman.

Ang nasabing mga multa ay dapat bayaran sa loob ng limang (5) araw buhat na malabag ang Kautusang ito. Bukod dito, ang lumabag ay dapat ding sumailalim sa isang seminar o guidance counselling upang lubos niyang maunawaan ang kahalagahan ng pagtupad sa batas trapiko, at kung hindi, siya ay dapat sasampahan ng kaso sa hukuman.

Seksiyon VI. **SUGNAY NA MAGPAPAWALANG BISA.** Anumang Kautusan na taliwas, di-tugma at di-ayon sa probisyon at nilalaman ng Kautusang ito ay pinapawalang-bisa.

Seksiyon VII. **SUGNAY NA MAGBIBIGAY BISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang pagpapatibay at paglalathala sa alinmang pahayagan na may malawak na sirkulasyon sa Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa sa kanilang **ika-12 Regular na Sesyon** noong **ika-25** ng **Oktubre, 2001.**

**SANG-AYON:**

| | |
|---|---|
| **DR. NICANOR L. ECHAVEZ**<br>*Konsehal* | **ELMER S. ESPELETA**<br>*Konsehal* |
| **MGGL. RAUL R. CORRO**<br>*Konsehal* | **FRANCIS IAN T. BAGATSING**<br>*Konsehal* |

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**HINDI SANG-AYON:**

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**HINDI LUMAHOK:**

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**LIBAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ** pbs, jr.
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* _________

LITO SALAMAT, JR./2311/01